Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pang-angkop at Pangatnig Bilang Pang-ugnay**

**I. PANUTO:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang tamang kahulugan ng pang-angkop?

   a. Ito ay bahagi ng pananalita na naglalarawan sa pangngalan o panghalip.
   b. Ito ay bahagi ng pananalita na naglalarawan sa pandiwa, pang-uri, o kapuwa pang-abay.
   c. Ito ay mga katagang ginagamit upang pag-ugnayin ang panuring sa salitang tinuturingan.
   d. Ito ay mga salitang nag-uugnay sa dalawang salita, parirala, o sugnay na pinagsunod-sunod sa isang pangungusap.

2. Kailan ginagamit ang pang-angkop na *-ng*?

   a. Kapag ang huling letra ng sinundang salita ay patinig
   b. Kapag ang huling letra ng sinundang salita ay katinig
   c. Kapag ang huling letra ng sinundang salita ay patinig at letrang *n*
   d. Kapag ang huling letra ng sinundang salita ay katinig maliban sa letrang *n*

3. Aling parirala ang may tamang gamit ng pang-angkop?

   a. Matalik na magkaibigan
   b. Kape na mainit
   c. Sira na kotse
   d. Mahusay ng mag-aaral

4. Alin sa sumusunod ang tamang kahulugan ng pangatnig?

   a. Ito ay bahagi ng pananalita na naglalarawan sa pangngalan o panghalip.
   b. Ito ay bahagi ng pananalita na naglalarawan sa pandiwa, pang-uri, o kapuwa pang-abay.
   c. Ito ay mga katagang ginagamit upang pagdugtungin ang mga salita sa isang pangungusap.
   d. Ito ay mga kataga o mga salitang nag-uugnay o nagdurugtong sa mga salita, parirala, sugnay, o pangungusap.

**II. PANUTO:** Para sa bilang 5-8, piliin ang wastong pang-ugnay para sa sumusunod na pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

5. Isang masipag ___ guro si Gng. Dela Cruz.

   a. na b. -ng c. at d. o

6. Maraming magaganda_____ proyekto ang pamahalaan.

   a. na b. -ng c. at d. o

7. Nag-aaral ako nang mabuti __________ maging maganda ang aking kinabukasan.

   a. upang b. dahil c. maging d. datapwat

8. Nagbabasa ako ng aklat ________ gusto kong matuto.

   a. upang b. dahil c. maging d. Datapwat

**III. PANUTO:** Tukuyin ang pangatnig sa mga sumusunod na pangungusap. Bilugan ang mga natukoy na pangatnig at ang uri nito.

9. Inaabuso ng iba ang kalikasan upang kumita nang mas malaki.

10. Ang pagtatanggal ng basura sa ilog ang isa raw sa pinakamabisang paraan ng pagliligtas sa Ilog Pasig.

11. Kung gayon, dahil sa patuloy na pagtatapon ng basura sa mga ilog kaya nagiging marumi ang mga ito.

12. Maraming namamatay na isda dahil marumi na ang tubig sa mga ilog.

**IV. PANUTO:** Lagyan ng angkop na mga pangatnig ang mga patlang ayon sa hinihinging uri nito na nasa loob ng panaklong. Isulat ang iyong mga sagot sa inilaang patlang sa bawat bilang.

13. __________________ (pananhi) marami ang nahihirapang lumabas, nagtanim sila ng gulay sa kanilang bakuran.

14. Nakisama ang ilang mga taganayon __________________ (paninsay) may ibang hindi pinansin ang mga paalala.

15. __________________ (panubali) nakakuha ng mga buto upang itanim ang mga taganayon, hindi na sila magugutom.